Mga Awit ng Pasasalamat
[Thanksgiving Hymns / *Hodayot*]

Awit 21
[1QH^{a} 15:29-36]

[isinalin ni Ralph Marion Victa mula sa *The Dead Sea Scrolls: A New Translation* nila Michael Wise, Martin Abegg Jr. and Edward Cook, 2005]

Ako ay nagpapasalamat sa iyo, O Panginoon,
Sapagkat ikaw ay nagbigay sa akin ng pang-unawa sa iyong katotohanan,
At ang iyong mga kamangha-manghang hiwaga ay iyong pinabatid sa akin,
At iyong kinaawaan ang isang taong mapang-himagsik,
At iyong mabiyayang kinahabagan ang mga pusong tampalasan.

Sapagkat sino ang tulad mo sa mga kaluluwa, O Panginoon?
At sino ang tulad ng iyong katotohanan?
At sino ang maaaring mabigyang katuwiran sa iyong harapan,
Kapag siya ay pumasok sa paghuhukom?
Wala sa mga kaluluwa ang may kayang sumagot sa iyong kaparusahan,
At wala ang may kayang tumayo ng matuwid sa iyong galit.
Ngunit lahat ng mga anak ng iyong katotohanan ay iyong dinadala sa kapatawaran,
Sa iyong kabutihan sila ay nililinis mula sa kanilang mapang-himagsik na mga gawain,
At ng iyong mabiyayang kahabagan pinananatili sa iyong harapan magpakailanman.

Dahil ikaw ay walang hanggang Maykapal,
At lahat ng iyong daan ay nananatiling walang hanggan magpakailanman;
Wala ng iba liban sa iyo.
At ano kaya ang tao na walang kabuluhan at puno ng walang saysay,
Na kanyang maunawaan ang iyong kamangha-manghang makapangyarihang mga gawa?